KALIGTASAN TUWING MAY MALAKAS NA HANGIN

- Maaaring ibagsak ng napakalakas na hangin ang mga puno at linya ng kuryente, magdulot ng pinsala sa mga gusali, puno, at sasakyan, at makapinsala sa sinumang nasa daanan nito.
- Kung may inilabas na pagbabantay/babala ng napakalakas na hangin, isaalang-alang ang pagpapaliban sa mga aktibidad sa labas.
- Kung ikaw ay nagmamaneho:
  - Panatilihin ang parehong mga kamay sa manibela at MAGDAHAN-DAHAN;
  - Mag-ingat sa mga bagay tulad ng mga sanga ng puno, mga muwebles sa patio, o mga basurahan;
  - Panatilihin ang isang ligtas na distansya mula sa iba pang mga sasakyan tulad ng mga semi-truck at iba pang mas malalaking sasakyan;
  - Kung kailangan mong huminto, tumabi sa kalsada, tumigil, manatili sa loob, at i-on ang iyong mga hazard lights.
- Kung nasa labas na walang sasakyan:
  - Magtago sa tabi ng isang gusali o sa ilalim ng isang silungan;
  - Iwasan ang mga kalsada at riles ng tren;
  - Gumamit ng mga handrail habang naglalakad;
  - Isaalang-alang ang proteksyon sa mata, magsuot ng maskara, at protektahan ang iyong mukha;
  - Mag-ingat sa mga lumilipad na debris.
- Sa panahon ng napakalakas na hangin, pinakamainam na manatili sa loob ng bahay o gusali at malayo sa mga bintana.
- Ang mga maluwag na bagay at mga debris ay maaaring maging mapanganib na nahahagis sa napakalakas na hangin.
- I-secure ang panlabas na mga muwebles, mga dekorasyon, trampolin, at payong BAGO lumakas ang hangin.
- Huwag hawakan ang mga nahulog na linya, ipagpalagay na lahat sila ay aktibo at may kuryente - iwasan ang lugar.
- Ang napakalakas na hangin ay maaaring lumikha ng mga mapanganib na kondisyon sa tubig. Dapat suriin ng mga namamangka ang taya ng panahon BAGO sila lumabas at mamangka.
- Pagkatapos ng napakalakas na hangin, maging maingat sa paglilinis ng mga kalat. Magsuot ng pananggalang na kasuutan tulad ng guwantes, matibay na sapatos, at mag-ingat sa mga matutulis na bagay.

BABALA

MALAKAS NA HANGIN

ANUNSIYO TUNGKOL SA HANGIN

Ang patuloy na hangin na 30 mph sa loob ng isang oras at/o madalas na pagbugso na hindi bababa sa 45 mph ay nangyayari/inaasahan sa loob ng 36 na oras.

PAGBABANTAY SA NAPAKALAKAS NA HANGIN

Ang patuloy na hangin na 40 mph sa loob ng isang oras at/o madalas na pagbugso na hindi bababa sa 58 mph ay inaasahan sa susunod na 12-48 oras.

BABALA NG NAPAKALAKAS NA HANGIN

Ang patuloy na hangin na 40 mph sa loob ng isang oras at/o madalas na pagbugso na hindi bababa sa 58 mph ay inaasahan sa susunod na 36 na oras.

Ready.Illinois.gov

Estado ng Illinois
Illinois Emergency Management Agency at
Office of Homeland Security

@ReadyIllinois
ReadyIllinois
@ReadyIllinois
@ReadyIllinois

2200 S. Dirksen Parkway
Springfield, Illinois 62703
Punong Tanggapan ng IEMA (217) 782-2700
24 na oras na Pagtugon (217) 782-7860

Printed by Authority of the State of Illinois 9-24 IOCI 25-0585T 100 copies